

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH
HOSTED BY PCOO USEC. ROCKY IGNACIO
May 3, 2022 (10:58 A.M. – 11:54 A.M.)

USEC. IGNACIO: Magandang umaga, Pilipinas. Ngayon po ay May 3, araw ng Martes, sama-sama tayong makibalita sa mga usaping may kinalaman sa nalalapit na Hatol ng Bayan sa May 9 at sa pinakabagong sitwasyong may kaugnayan sa COVID-19 dito sa Pilipinas. Ako po si Usec. Rocky Ignacio, at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Una sa ating mga balita, operasyon ng e-sabong sa bansa tuluyan nang ipinatigil ni Pangulong Rodrigo Duterte. Inanunsiyo iyan ng Pangulo sa kaniyang lingguhang Talk to the People kung saan kabilang din sa mga tinalakay ay ang pagtugon sa COVID-19, gayundin po ang nalalapit na halalan. Ang buong report, ihahatid ni Mela Lesmoras. Mela?

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Maraming salamat sa iyo, Mela Lesmoras.

Makibalita naman po tayo sa patuloy naman na pagtaas ng presyo ng asukal sa merkado at sa iba pang isyu kaugnay po sa agrikultura. Makakausap po natin si Department of Agriculture Secretary William Dar. Magandang umaga po, Secretary.

DA SECRETARY DAR: Magandang umaga po naman, Usec. Rocky, at sa lahat po ng tagasubaybay po ninyo.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, ano po iyong pangunahing rason kung bakit daw po naging malaki itong pagsipa ng presyo ng asukal sa merkado?

DA SECRETARY DAR: Well, alam naman ninyo iyong nangyari na TRO na pinayl [filed] diyan sa ka-Bisayaan. So we are making our due diligence and have consulted with various instrumentalities of government. So in due time, within the week ay titingnan natin kung ano iyong final way forward kasi gusto natin, ‘di ba doon sa na-TRO, iyong importation ng 300,000 metric tons na asukal. At karamihan para doon sa mga processors, at that will really, hopefully, bring down the prices of sugar in the market.

So that decision, the inclination and the suggestion of our ...mga ahensiya na nagbibigay ng legal opinion ay puwede namang gamitin ang Sugar Order No. 3 to move forward the outside ... those areas where the TRO was filed or were filed.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero, Secretary, ano po iyong mga factors na nakaapekto dito po sa produksyon nito? May sapat pa rin po ba tayong buffer stock ng raw at refined sugar?

DA SECRETARY DAR: Ang nakaapekto talaga, Usec. Rocky, ay iyong [garbled] dahil iyon po ang pinakadahilan, maraming apektado na taniman at saka iyong refineries, and that's really the basic justification why we were trying to bring in refined sugar para maibsan itong potential impact doon sa merkado.

So, of course, nakikita rin natin iyong paggalaw ng mga presyo, kasama na ang asukal, doon sa global disruption ng food supply chain. Iyong parang impact, psychological impact, sa lahat po ng pagtaas ng agricultural inputs, at the same time iyong pagtaas din ng petroleum prices. So, iyong converging effect nito ay makikita, starting to be felt by the country.

USEC. IGNACIO: Pero, Secretary, totoo ba talagang tumaas din iyong demand sa asukal nitong mga nagdaang buwan?

DA SECRETARY DAR: Well, talagang the demand with the manufacturing companies, iyong mga processing companies ay kailangan na kailangan po nila. Marami na nga ang nagsasabi na itong Abril ay dapat mayroon na dapat makarating para sa ganoon ay iyong mga value added products where most of these manufacturing companies, processing companies, are in badly need of refined sugar. So kailangan na kailangan iyon.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero, Secretary, totoo po ba na may ilang sugar refineries at raw sugar mills ang pansamantalang tumigil sa operasyon? Kung mayroon man pong tumigil, bakit daw po sila tumigil ng operasyon?

DA SECRETARY DAR: Well, iyong mga nasabi ko na kanina, iyong mga ... some of the refineries were badly affected by Typhoon Odette so you need to repair, you need to put them into good condition again. Mayroon din iyong hindi apektado, at ito na nga iyong mga nagsu-supply ng requirements natin ngayon.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, ano po ang reaksiyon daw ng Department of Agriculture sa panawagan ng ilang senador na huwag payagan itong proposed importation ng Sugar Regulatory Administration?

DA SECRETARY DAR: Well, we stand by with what we have projected and we'll continue to mention this to the public para malaman ng publiko kung ano po iyong dahilan, mga justification nitong pag-angkat ng asukal.

USEC. IGNACIO: Opo. Dahil nga sa mga pangyayaring ito, may ginagawa po ba ang Department of Agriculture para matulungan daw po itong ating local sugar industry sa bansa?

DA SECRETARY DAR: I did not get what your question was, Usec. Rocky, very choppy.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, kung mayroon daw pong ginagawa ang DA para matulungan po itong ating local sugar industry sa bansa?

DA SECRETARY DAR: Well, nandiyan naman palagi iyong mga programa ng Sugar Regulatory Administration. Mayroon silang pinapatupad na, matagal na ito, iyong Sugar Industry

Development Program, at mayroon mga—various components iyan. So tuluy-tuloy po iyong mga components na iyan. At ang Sugar Regulatory Administration is trying to elevate their services para matulungan ang ating mga sugar planters at iba't ibang stakeholders sa industriya.

USEC. IGNACIO: Secretary, may tanong po iyong ating kasamahan sa media. Mula po kay Cleizl Pardilla ng PTV News, para sa inyo ito, sa price monitoring daw po ng DA as high as 78 to 80 pesos ang presyo po ng white sugar sa ilang palengke sa NCR na [ang] minu-monitor ng DA. Fifteen to twenty pesos naman daw po ang itinaas sa per liter ng palm oil. Pinag-iisipan po ba raw ng DA to impose SRP for sugar and palm oil? At ang pagtaas po ba raw ng presyo ng palm oil ay dulot ng export ban sa Indonesia?

DA SECRETARY DAR: As I've said, mayroon talagang impact itong disruption of global food supply chain. Iyong ban ng Indonesia ay starting to get impacted tayo [dito] sa Pilipinas. So, lahat [ng] ito ay talagang may pagtataas [sa] mga presyo. And that's why, tayo po sa Department of Agriculture, with our family members dito sa agrikultura ay pinapaigting po natin ang Plant Plant Program Part 2 with the very purpose na the only solution here is to really elevate, dagdagan natin ang produksiyon ng iba't ibang commodity industries natin dito sa Pilipinas para hindi tayo masyadong nakadepende doon sa mga galing sa ibang bansa.

And we have been hammering this out, I mean, enhancing iyong Plant Plant Plant Program Part 2 implementation. We need to boost productivity; we need to sustain if not increase the income of our farmers and fishers. At the end of the day, the bottom line is mayroon tayong sapat at affordable na pagkain sa ating bansa.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, mula po sa asukal, lipat po ako sa sibuyas. May nararanasan pa rin po ba tayong oversupply daw ng sibuyas?

DA SECRETARY DAR: Well, ang magandang balita po sa sibuyas ay almost 100% na tayong supisyente dito po sa bansa. Ang programa natin sa onion production ay naging successful.

Of course, ang kakulangan pa rin natin diyan sa onion industry [ay] iyong mga cold storages. Kulang pa rin iyan, although marami na po tayong naibigay. Pero with this increase in production ay dapat talagang madagdagan pa ang budget para mas marami po kaming maibigay na cold storages, warehouses, because we can really produce this commodity 100%.

Sa Mindoro, sa Nueva Ecija, sa Pangasinan, sa Nueva Vizcaya, ang ganda po ng ani natin ng sibuyas. Of course, mayroon din iyong mga hindi natin natulungan kasi we are still lacking budget [para sa cold storage] para sa ganoon ay lahat po sana ay puwede nilang ilagay sa cold storage at ibenta kung ang presyo ay tama.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, panghuling mensahe na lamang po sa ating mga kababayan. Go ahead po, Secretary.

DA SECRETARY DAR: Let me take this opportunity, Usec. Rocky.

Ang mundo natin ay nasa krisis. Tayo ay apektado rin sa Pilipinas ng krisis. Kung hindi tayo gagalaw ay [malaki ang epekto sa atin]. Dapat ay magbanat tayo ng buto para madoble ang efforts natin to really enhance the local food production. This is one sure way na tayo ay magiging food secured at maka-survive during this global world crisis. As a result, alam naman ng publiko [na] nandiyan pa rin ang COVID-19 pandemic, nandiyan ang Ukraine war, nandiyan ang pagtataas ng presyo ng petrolyo, so converging, [iyong] mayroon tayong tinatawag na perfect storm [which is] continuously affecting the world and affecting the country.

So, tayo dapat dito sa Pilipinas ay talagang magtanim, mag-alaga at mangisda para sa ganoon ay mas may tsansa tayo na mag-survive, may tsansa tayo na may pagkain at hindi tayo aasa na lang doon sa food imports na pandagdag sana. So, it is now time for every Filipino, every citizen, to come forward, do your own share, be “plantitos”, be “plantitas.” There must always [be] food in the home and this is the kind of attitude that we would like to have during this crisis situation. Kaya natin lahat itong problema kung tayo po ay tulung-tulong, sama-sama para sa ganoon ay mayroong sapat na pagkain ang ating bansa.

At this point in time, marami pa rin tayong bigas, we still have an inventory good for 87 days, so sapat na sapat iyan. At ganoon nga [din] sa mga iba’t ibang programa na natin na pinapaigting para sa ganoon [ay] mas mataas pa ang level ng food production natin sa [ating] bansa. Let’s do this! The Filipino can! Thank you.

USEC. IGNACIO: Maraming salamat din po sa inyong oras at impormasyon, Department of Agriculture Secretary William Dar.

DA SECRETARY DAR: Salamat po.

USEC. IGNACIO: Less than a week po bago ang national and local elections sa May 9, muli po nating kukumustahin ang paghahandang ginagawa ng ating Philippine National Police para po pangalagaan ang kapayapaan at seguridad sa halalan. Makakausap po natin sa kabilang linya si Police Colonel Jean Fajardo, ang tagapagsalita ng PNP. Good morning po, ma’am.

PNP SPOKESPERSON FAJARDO: Good morning, Usec. Rocky at sa lahat po ng listeners and subscribers po ng inyong programa.

USEC. IGNACIO: Colonel, unahin ko na po ito. Inanunsyo na po ni Pangulong Duterte sa kaniyang Talk to the People na ipatitigil na po ang operasyon ng e-sabong. Ano po ang magiging aksiyon ng PNP? Ano po ang updates sa mga kinasuhan na [mga] pulis?

PNP SPOKESPERSON FAJARDO: Yes, Ma’am. We will be coordinating with the PAGCOR since sila po iyong regulating agency pertaining to the operation po ng e-sabong. We will wait for the official communication kung paano po ba natin isasagawa iyong, ‘ika nga, pag-i-inspect at pagmo-monitor kung mayroon pa pong existing na mga e-sabong operation particularly those mga e-sabong betting station para hindi po magkaroon ng ‘ika nga, ay kaguluhan sa pag-i-implement po natin nitong utos nga ng ating Presidente.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero iyon pong updates sa mga kinasuhang pulis, Colonel?

PNP SPOKESPERSON FAJARDO: Iyong mga kinasuhang pulis po natin na mga na-involve po sa e-sabong ay may walo na po tayong nakasuhan. Iyong iba po doon ay na-dismiss na, na-suspend, at iyong mga iba naman ay undergoing summary hearing proceedings.

Iyong mga pulis naman po, Ma'am, na na-involve po doon sa isang kaso ng mga nawawalang sabungero particularly diyan sa San Pablo, Laguna ay nakapagsampa na po tayo ng kaso sa mga pulis na na-identify po ng mga kaanak noong mga panahon na dinukot po iyong isang master agent sa Laguna, sometime August of 2021, Ma'am.

USEC. IGNACIO: Sa May 8 po, inaasahan na rin itong retirement ni Police General Dionardo Carlos isang araw po bago ang eleksiyon. So, ano po ang final sa magiging chain of command pagdating po sa mismong election day onwards? Mai-extend po ba siya o mag-a-appoint muna ng OIC sa PNP?

PNP SPOKESPERSON FAJARDO: Sa ngayon ay naghihintay po tayo kung magkakaroon po ba ng change of leadership come May 8. On the part of the Chief PNP ay sinabi naman po niya na siya ay susunod kung ano man po ang iutos ng Presidente, pero nakahanda po siya sa kaniyang pagreretiro sa May 8.

Concerning [naman] po doon sa mga nakalatag na seguridad ay wala pong magiging problema when it comes to continuity po ng mga inilatag nating seguridad regardless po, Ma'am, kung mai-extend po ba ang ating Chief PNP o maglalagay po ba ng OIC come May 8. Nakalatag po iyong ating seguridad, Ma'am, at ito po ay magtutuloy-tuloy hanggang matapos po itong ating electoral process.

USEC. IGNACIO: Opo. Iyon nga po iyong sunod kong tanong. Ngayong huling linggo bago po ang eleksiyon, anu-ano nga po iyong mga lugar na nagdagdag pa ng police presence para po sa mga mas mahigpit na security?

PNP SPOKESPERSON FAJARDO: Nagdagdag tayo ng ating kapulisan particularly doon sa sampung bayan sa Bangsamoro Autonomous Region na nailagay sa COMELEC control. Nag-request na po ang COMELEC ng dagdag na pulis diyan kaya nag-deploy na po tayo diyan, Ma'am, ng ating police personnel coming from the Special Action Force and Mobile Force Battalion para i-augment po iyong ating local troops doon.

At siyempre, Ma'am, maliban po dito sa sampung bayan po na ito, ang ating focus of deployment po talaga [ay] iyong 106 towns and 14 cities na napailalim sa 'Red' category po.

USEC. IGNACIO: Opo. Colonel, may nadagdag pa po ba sa mga COMELEC-controlled areas dahil sa posibleng pagkakaroon ng kaguluhan o violence doon?

PNP SPOKESPERSON FAJARDO: Ma'am, maliban dito sa sampung nabanggit ko nga ay hinihintay po natin ang official declaration po ng COMELEC. But doon po sa mga election areas of concern ay may mga na-upgrade po na category dahil nga po may mga namu-monitor po tayong mga intense political rivalry at presence po ng ika nga ay ilang mga armed groups that requires the upgrading po ng classification.

But we are still waiting for the official declaration po ng COMELEC kung ang mga lugar po ba na ito ay mapapalagay din sa areas of concern or lalung-lalo na under COMELEC control, ma'am.

USEC. IGNACIO: Opo. Colonel, may tanong lang po iyong ating kasamahan sa media, si Vanz Fernandez ng Police Files. Basahin ko na lang po sa inyo 'no: Could the PNP highlight daw po to the public its plan to ensure a peaceful and lawful election on May 9.

Is the PNP ready yet to ensure this election goes smoothly?

PNP SPOKESPERSON FAJARDO: Yes. Ma'am, like I said earlier, nakalatag na po iyong ating seguridad. Kung magkakaroon man po ng minor adjustment with respect to the additional deployment ay iyon lang pong magkakaroon ika nga ng mga security concern at depende po sa current and prevailing political climate sa mga specific areas. That's the time, ma'am, na magdadagdag po tayo.

Mayroon po tayong mahigit 12,000 reactionary standby support forces, if the need arises po na magdadagdag po tayo ng mga tao doon sa mga lugar na magkakaroon ng concern.

We want to assure our kababayan, Ma'am Rocky, na nakahanda na po ang PNP katuwang po ang Armed Forces of the Philippines and Philippine Coast Guard para siguraduhin na magkakaroon po tayo ng ligtas, payapa, at tahimik na eleksiyon come May 9 po.

USEC. IGNACIO: Opo. Iyong second question po ni Vanz Fernandez ng Police Files: Does the PNP have any specific advisory to the public in relation daw po sa election day?

PNP SPOKESPERSON FAJARDO: Yes, ma'am. Patuloy kaming umaapela sa ating mga kababayan na maging mahinahon po tayo. Alam natin sa mga ganitong eleksiyon, lalung-lalo na po sa local level, ay mataas po ang emosyon ng ating mga kababayan lalung-lalong na po doon sa kanilang sinusuportahan. Ang sa atin lang ay igalang po natin at irespeto iyong pipiliing mga kandidato ng ating mga kababayan para maiwasan po ang sigalot.

Sa araw po ng eleksiyon natin, asahan ninyo po ang inyong kapulisan ay nandiyan po mula sa police precinct, sa lahat po ng ating pangunahing lansangan. Nandiyan po ang pulis, huwag po kayong mangamba kung marami po kayong makikitang pulis. Nandiyan po ang pulis para magbantay at mangelaga po sa seguridad ng ating mga kababayan, ng ating mga election officers.

Tulong-tulong po tayo at umaasa po kami sa tulong po ng ating mga kababayan ay magiging mapayapa po itong gagawin nating election exercises po.

USEC. IGNACIO: Opo. Colonel, naka-deploy na rin po ba ang PNPA Class of 2022 na Alab-Kalis under PNP o itong mga naka-graduate lang po last month?

PNP SPOKESPERSON FAJARDO: Iyong mga naka-graduate, ma'am, na mahigit 200 na pulis officers coming from the Philippine National Police Academy ay nakapag-orient na rin po

at bibigyan po sila ng specific election duties po para makadagdag po doon sa mga personnel natin na magri-render ng election duties.

Maliban pa diyan, ma'am, ay iyong ating mga CDM ay idi-deploy din po natin nationwide to ensure na kung magkakaroon nga po ng mga ika nga ay tensiyon at iba pang mga security concern ay naka-ready po tayo for any disturbance matter po.

USEC. IGNACIO: Opo. Sa ngayon po ay may nadagdag po ba sa mga na-apprehend na lumalabag sa election gun ban at sa mga naitalang election-related violence?

PNP SPOKESPERSON FAJARDO: Ma'am, as of May 3 kanina pong madaling araw ay nakapagtala na po tayo ng almost 2,973 total arrested persons at nakapagkumpiska na rin tayo, ma'am, ng 2,264 na assorted firearms.

With respect ma'am, doon sa election-related incidents as of May 1 po, ma'am, ay nakapagtala po tayo ng 52 election-related incidents. And out of the 52 incidents, ma'am, 28 po doon ang considered non-election-related incidents. Whereas, iyong 14 ay undergoing investigation pa rin po at naka-classify po sila as suspected election-related incidents. At iyong remaining po na sampu, ma'am, ay validated election-related incidents na po.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero, Colonel, ano naman po iyong magiging role ng PNP dito po sa mga polling precincts sa mismong election day?

Kabilang din po ba ang ilang police personnel sa magbabantay dito sa mga isolation polling precincts para po sa mga botanteng magkakaroon ng sintomas?

PNP SPOKESPERSON FAJARDO: Yes, ma'am. Nakipag-ugnayan na po ang PNP doon sa ating mga local election officers pati na rin po doon sa local government unit na magtatalaga po ng isang isolation room para po doon sa may mga sintomas po na ating mga kababayan na buboto.

Mayroon po silang dedicated na room para doon at tutulong po tayo sa pagmi-maintain po at pag-manage ng pagpasok po ng mga tao natin. Magkakaroon po sila ng mga dedicated entrances para masiguro po na hindi po sila maihahalo doon sa karamihan sa mga buboto.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero, Colonel, may ilang mga police personnel naman po ang nag-qualify at nakaboto nitong nagdaang three-day local absentee voting?

PNP SPOKESPERSON FAJARDO: Tama, ma'am. Napakataas po ng percentage ng PNP local absentee voting. Halos 96.51% po ang lumahok na mga nag-signify po na nakaboto at iyong remaining na naiwan, ma'am, ay iyon po iyong mga ilan-ilan na na-transfer po because of exigency of service. That's why they will be voting kung saan po sila nakarehistro, ma'am.

USEC. IGNACIO: Opo. Sa usapang COVID naman po, ilan po sa mga police personnel ang fully vaccinated at boosted na?

Hindi po ba nakaapekto ang vaccination status nila sa deployment o assignment nila para sa eleksiyon?

PNP SPOKESPERSON FAJARDO: Ma'am, masaya po kaming ibalita na almost 99.60% na po ang vaccinated na ating mga pulis at ang mga boosted naman po ay halos nasa 99% na po. Kaya umaasa po tayo na ika nga ay walang magiging problema pagdating sa deployment natin dahil ika nga ay vaccinated and may booster na rin po ang ating mga kapulisan.

USEC. IGNACIO: Colonel, kami po ay nagpapasalamat sa inyong pagbibigay impormasyon at pagbibigay ng panahon sa amin.

PNP Spokesperson Colonel Jean Fajardo. Mabuhay po kayo.

PNP SPOKESPERSON FAJARDO: Maraming salamat, Ma'am Rock, at ingat po kayo.

USEC. IGNACIO: Samantala, base po sa pinakahuling bulletin na inilabas ng Department of Health kahapon, 67,911,464 na po ang kabuuang bilang ng mga fully vaccinated sa bansa as of May 1st.

Mula April 25 to May 1st naman, nakapagtala ang Kagawaran ng 1,399 na mga bagong kaso ng COVID-19 kung saan 200 ang naitalang daily average cases. Mas mababa po iyan ng 5% kaysa sa mga kasong naitala mula April 18 hanggang 24.

Wala naman pong nadagdag sa naitalang severe at critical cases kaya nananatili itong nasa 723.

Samantala, 250 naman po ang naitalang pumanaw noong nagdaang linggo kung saan 40 dito ay nangyari pa po noong April 18 hanggang May 1st.

Kaugnay po sa paglalagay sa Alert Level 1 ng pito pang lalawigan at highly urbanized cities sa bansa, makakausap po natin ang presidente ng Private Hospitals Association of the Philippines, Dr. Jose Rene de Grano.

Magandang umaga po, doc.

PHAP PRES. DR. DE GRANO: Magandang umaga, Usec. Rocky at sa atin pong mga nanonood po.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, ngayon po ba ay pabor na mas marami na pong lugar ang ibinaba ngayon sa Alert Level 1 kahit na po nadiyan pa rin ang bagong banta ng Omicron sub-variant na sinasabi po na mas nakakahawa?

PHAP PRES. DR. DE GRANO: Kasi po ang nangyayari naman po talaga hindi naman natin mapigilan iyong mga tao sa paglabas lalo po sa mga rallies. But ang pinaka-importante po ay sundin po nila iyong pagwi-wear po ng mask at nang sa ganun po ay hindi po sila masyadong makahawa at manghawa kung mayroon man silang sakit.

Iyon po.

USEC. IGNACIO: Opo. Sa ngayon po ba kumusta iyong sitwasyon sa mga ospital na kabilang po sa PHAPI. Nananatili po bang mababa na iyong COVID-19 cases na naa-admit sa mga ospital sa ngayon, doc?

PHAP PRES. DR. DE GRANO: Tama po iyon ano. Actually, sa mga private hospitals po halos kakaunti ang mga nagpa-positive po at iyon pong nagpa-positive talaga karamihan dito ay iyong mga immunocompromised na nagkakaroon lang po siguro nahahawa lang, nagpa-positive. Iyon po.

Ang mga hospitals naman po ay laging nakahanda kung sakali man talagang magkaroon ng surge kung epekto man ito ng ating mga rallies at saka ng eleksiyon. Ang mga ospital naman po ay hindi nila sinara iyong kanilang mga COVID wards. Nakahanda po iyon.

USEC. IGNACIO: Opo. Kukumustahin na rin po namin itong pag-claim ng benefits ng healthcare workers under the Bayanihan II Law.

Hanggang ngayon po ba ay nagkakaproblema pa rin kayo dito tulad po ng inirereklamo ng Private Hospitals Workers Alliance of the Philippines?

PHAP PRES. DR. DE GRANO: Iyon pong iba siguro ay hindi pa rin natanggap, ano? Pero iyong alam ko po iyong Bayanihan II na second tranche na iyon po ay mayroong kaunti na lang na hindi nabibigyan.

Palagay ko po ang problema doon ay iyong pagbibigay po nila ng proper documentation para mailabas ng Department of Health iyong SRA na tinatawag. Pero iyon pong susunod po na para sa ating healthcare workers ay hinihintay na po namin iyong paglalabas po ng Department of Health. Nakapag-submit na po halos ang mga different hospitals po.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero kumusta po iyong communication ninyo with DOH tungkol dito? Nagkaroon daw po kasi ng pagbabago dito sa forms at filing process, hindi po ba ito na-communicate sa mismong mga ospital?

PHAP PRES. DR. DE GRANO: Iyon nga po ang nagiging problema. At ang ginagawa naman po namin ay nagko-coordinate na lang po kami. Usually po, ang ating mga private hospitals ang nakikipag-coordinate sa ating mga provincial health offices at iyon po, through that ay iyon na po, pumupunta po sa central office ng Department of Health.

USEC. IGNACIO: Opo. Kaugnay po diyan, ano raw po ang reaksiyon ninyo dito sa pinirmahang batas ni Pangulong Duterte na magbibigay po ng mandatory benefits para po sa mga health and non-health workers sa mga private at public hospital tuwing may health emergency daw po sa bansa?

PHAP PRES. DR. DE GRANO: Maganda po iyon! Malaki pong tulong po iyan sa ating mga health care workers na talaga po namang sila po ang sumasabak kapag nagkakaroon po ng mga

pandemya, ano po. So, natural lang naman po siguro na mabigyan sila ng mga kaukulang benefits nang sa ganoon po naman ay hindi na po sila umalis dito sa atin sa Pilipinas.

USEC. IGNACIO: Opo. Kaugnay naman po sa eleksiyon, Doc. May medical frontliners po ba kayong naka-deploy sa mismong election day para po kumuha ng temperature sa mga buboto?

PHAP PRES. DR. DE GRANO: Usually po, ang mga local government units po ang nagpo-provide niyan. Pero ang atin pong mga private hospitals, kung sabihan po kami ng mga local government units [ay] nakahanda naman po kaming magpadala, halimbawa ng mga ambulansiya at saka medical personnel, just in case. Usually naman po ang nangyayari riyan, mga heatstroke, mga hinihimatay, iyon po. Nakahanda naman po kaming mag-provide ng mga tulong sa ating mga local government units.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, pero kumusta na po iyong pagbabakuna ng booster dose para sa mga health care workers ninyo? Ilan porsiyento na po ba sa kanila iyong boosted na?

PHAP PRES. DR. DE GRANO: Halos lahat po ng ating health care workers. Siguro lang po, ang hindi ay iyong mga nandoon sa mga pook, halimbawa [ay sa] liblib na mga areas ng Mindanao. Pero karamihan po nitong ating mga private hospitals ay bukod sa first two doses, na-boost na po sila, iyong first booster dose at karamihan po sa kanila ay nabigyan na. Ang hinihintay lang po namin, kung talagang kailangang bigyan pa ng another booster dose na, right now po, ang binibigyan lang po ngayon ay iyong mga immunocompromised.

USEC. IGNACIO: Pero Doc, sa palagay ninyo, dapat na ring opisyal na i-rollout itong second booster dose para sa ating mga health care workers?

PHAP PRES. DR. DE GRANO: Siguro po, bantayan po natin ano, kung totoo ba na ganoon ang epekto. Pero siyempre po, kapag lumampas na po, kung totoo po na nawawala iyong immunity natin after mga four or six months ay palagay ko po iyong another dose ay puwede naman po nating ibigay, lalo na kung mayroon pa po tayong available na mga bakuna. Kasi po it will, siyempre, strengthen po ang ating mga health care workers, dahil sila po ang unang sumasabak sa ating mga pasyenteng may COVID.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, kami po ay hihingi ng mensahe ninyo o paalala na lamang po ulit sa ating mga kababayan. Go ahead po, Doc.

PHAP PRES. DR. DE GRANO: Opo. Ganito po siguro. Sa ating mga kababayan, alam naman po ninyo na tuwing mga eleksiyon ‘no. Dapat po mag-iingat tayo, although, hindi po katulad noong mga rally na sobrang dami ng tao, nagkakalibungbungan, ano po. Ito po usually ang problema natin, pipila tayo, masyadong mainit and then medyo may kaunting siksikan at saka maliit po ang kuwarto ng ating mga presinto.

So, dapat po huwag nating kalimutan na mag-wear, maglagay po ng ating face mask, iyon po. Magdala po tayo ng sanitizer, para sa ganoon, kung anuman [ay] may proteksiyon po tayo. Ang then, iyon po, magdala kayo ng payong [dahil] sobrang init ngayon sa panahong ito. At iyon

pong hindi pa po nakakapagpabakuna, eh wala naman pong masama na magpabakuna pa rin tayo, kasi may available naman po tayong mga bakuna ngayon sa ating local government units.

USEC. IGNACIO: Doc, kami po ay nagpapasalamat sa inyong pagbibigay-panahon sa amin, Dr. Jose Rene De Grano, ang President ng Private Hospitals Association of the Philippines. Salamat po, Doc.

PHAP PRES. DR. DE GRANO: Salamat po, USec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Final testing at sealing ng vote counting machines para sa ‘Hatol ng Bayan 2022’, isinagawa ng Commission on Elections sa San Juan City. Ang update niyan, alamin natin mula kay Karen Villanda. Karen?

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Salamat sa iyong report, Karen Villanda.

Samantala, personal na binisita at ininspeksiyon ni Pangulong Rodrigo Duterte at Senator Bong Go ang kauna-unahang ospital para sa mga OFWs sa San Fernando, Pampanga. Ang detalye sa report na ito:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: At kaugnay po sa bagong tayo na OFW Hospital at sa iba pang balita tungkol sa ating mga kababayang OFW ay makakausap po natin si OWWA Administrator Atty. Hans Leo Cacdac. Good morning po, Atty. Hans.

OWWA ADMINISTRATOR CACDAC: Magandang umaga po, Usec. Rocky, sa inyong mga tagapakinig, tagapanood. Magandang umaga po.

USEC. IGNACIO: Attorney, una na po naming kumustahin ang mga kababayan nating naipit daw po sa ongoing lockdown sa Shanghai? Ano po iyong latest communication ng OWWA sa Konsulada natin doon?

OWWA ADMINISTRATOR CACDAC: Yes, tayo po ay inatasan na rin ni Secretary Bello na makipag-ugnayan na sa team on the ground ni Secretary Locsin sa Shanghai, specifically in Philippine Consulate General. At batay sa assessment ng ating Philippine Consulate General’s Office ay nakapag-transfer po tayo ng pondo, kaukulang pondo para sa food assistance ng ating mga mahal na OFWs na naapektuhan ng matindi dito sa lockdown sa Shanghai.

Pangalawa, nagkaroon tayo ng mental wellness webinar, so ang mga OFWs can cope with this lockdown, in cooperation with the DOH and the National Center for Mental Health. So pasalamat din tayo kay Secretary Duque. So nandoon na po ang kaukulang pondo mula sa OWWA, Usec, at inaantabayanan na lang natin iyong pag-distribute ng Consulate General’s Office. Alam natin na naka-coordinate sila sa Filipino Community sa Shanghai tungkol sa distribution ng food assistance.

USEC. IGNACIO: Atty. Hans, puwede po bang malaman kung magkano po iyong pondong inilaan natin para sa kanila? At ilan na po dito sa 4,000 OFW doon ang naabutan ng 200 dollars na ayuda ng ating pamahalaan, [at] kung nagsimula na rin po ba ito?

OWWA ADMINISTRATOR CACDAC: This is for a total of around—ang budget na nakalaan dito is around seven million pesos. And we have set the preliminary 2.5 million, and we will set the second batch of 2.5, and then ... until mabuo natin iyong seven million. Kasi bibigyan din natin, Usec., iyong mga nadapuan ng COVID ng additional US\$200. Mahigit kumulang, mga 500 to 600 OFWs na lumapit sa konsulada natin na mabibigyan ng ayuda dito sa halaga na ito.

USEC. IGNACIO: Opo. So ilan pa lang po iyong na-identify ng DFA na eligible sa US\$200 aid na ito, Atty. Hans?

OWWA ADMINISTRATOR CACDAC: Yes, it's around ... between 500 to 600. Let me clarify, Usec., na US\$200 assistance, food assistance po ito, mayroon lang additional US\$200 assistance kung nadapuan ng COVID.

USEC. IGNACIO: Okay, opo. Dito naman po sa pagbubukas ng OFW Hospital sa Pampanga kahapon, ito po ba ay siguradong libre para daw po sa mga OFWs at pati sa dependents nila, tama po ba ito?

OWWA ADMINISTRATOR CACDAC: Yes, yes. Tuwang-tuwa po kami na mismong sa maligaya at makabuluhang Araw ng Paggawa ay dumalo si Pangulong Duterte para mainspeksyon iyong pagbuo ng ospital, OFW Hospital. Nandoon si Secretary Bello na nagpasinaya ng direktiba ni Pangulong Duterte patungkol dito sa OFW Hospital.

Of course, nandudoon din si dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo, Secretary Duque, PAGCOR Chair Didi Domingo and then Vice-Governor Lilia Pineda, and other government officials. ES Medialdea and Sen. Bong Go also were there. And then, Senator Joel, Senator Loren.

Okay, so nagkaroon ng pagpapasinaya and, yes, iyong services ngayon are underway for OFWs and their dependents. Gusto ko lang i-emphasize sa larangan na ito, Usec., that at this stage, outpatient services muna. Iyong outpatient services wing muna ang binuksan habang pina-finalize pa iyong construction ng other wings or departments. So, at this stage, may mga pasyente na or clients ang nagpupunta doon for medical consultation and outpatient services.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero ano po raw iyong mga dokumento ang kailangang ipakita ng OFW at pamilya nila bilang patunay na sila po ay migrant workers?

OWWA ADMINISTRATOR CACDAC: Oo, mayroon naman doon mga pruweba, kaukulang pruweba, katulad ng kanilang, una, iyong OWWA ID cards, E-card kung mayroon sila. Nandudoon iyong pruweba nila, iyong pagkakaroon nila ng OEC mula sa POEA. Of course, nandidiyan din iyong pasaporte nila para – ito naman ay mamimili sila sa mga pruweba, ng kaukulang pruweba kung anong mayroon sila – pasaporte nila kung saan siyempre mapapatunayan doon iyong mga tatak at iyong mga visa na sila ay nagtrabaho sa abroad.

So simple lang naman iyong ... at ready na supposedly, ready na sa mga OFWs iyan. Kabisado na nila iyong mga kaukulang pruwera na iyan.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero ilang OFWs naman daw po iyong muling nakalipad papunta naman sa Saudi Arabia kasunod ng pag-lift ng Department of Migrant Workers sa deployment ban dito? Mayroon po ba, Attorney Hans, na?

OWWA ADMINISTRATOR CACDAC: Well, sa ngayon, sa pagkakaalam ko ay isinasaayos pa ito. Hindi pa kasi ganap na bukas dahil itong ban ay patungkol sa mga domestic workers at kasambahay na OFWs para sa kanilang kaukulang proteksyon. So, sa pagkakaalam ko ngayon ay marami pang kailangang repasuhin at ayusin na proseso at mga kaukulang proteksyon para sa mga OFW na kasambahay natin bago ito isagawa.

USEC. IGNACIO: Opo. Attorney Hans, anong klaseng assistance naman daw po ang naibigay ng OWWA dito naman po sa mga dating OFWs nitong nagdaang Labor Day job fair ng DOLE?

OWWA ADMINISTRATOR CACDAC: Oo, nandoon din ang mga agencies 'no, mga land-based and sea-based recruitment agencies. Hindi ko lang dala ngayon iyong datos, Usec, in terms of iyong mga Hired On The Spot (HOTS). But I saw it for myself, nag-tour si Sec. Bello doon sa job fair, na nandudoon nga iyong mga recruitment agencies and glad to know na mga skilled work iyong offer din na sets, na skilled work offers a stronger form of protection as compared to the lower skill sets. So, iyon ang pagkakaalam ko, may presensiya sila doon, hindi ko lang po hawak ngayon iyong datos noong Hired On The Spot (SPOT) na tinatawag.

USEC. IGNACIO: Opo. Attorney Hans, kuhanin ko lang iyong mensahe mo para sa ating mga kababayang OFWs. Go ahead po, Atty. Hans.

OWWA ADMINISTRATOR CACDAC: Yes. Maraming salamat po.

Unang-una, Eid Mubarak! Happy Eid'l Fitr sa ating mga mahal na Muslim OFWs – brothers and sisters Muslim OFWs. And of course, our counterpart government partners sa Middle East and other places hosting Filipinos workers.

Pangalawa, happy Labor Day pa rin! May 1 pa iyong Labor Day and ipinagdiriwang pa rin natin ito. 40th anniversary po ng OWWA, Usec, so, bumabati rin ako sa mga kasamahan ko sa OWWA.

And of course, 1-3-4-8 po sa ating mga mahal na OFWs and OFW families, 1-3-4-8 po ang ating hotline. Dumulog lang po kayo doon at tutulong po tayo nang ganap.

So, maraming salamat po, Usec, at mabuhay po kayo at ipagdasal po natin ang isa't isa!

USEC. IGNACIO: Happy anniversary po at maraming salamat po, OWWA Administrator Attorney Hans Leo Cacdac.

Dumako naman po tayo sa mga balitang nakalap ng Philippine Broadcasting Service. Ihahatid po iyan ni Al Corpuz mula sa PBS-Radyo Pilipinas.

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Maraming salamat sa iyo, Al Corpuz mula sa PBS-Radyo Pilipinas.

Samantala, mahigit isang libong residente naman sa Mandaue City, Cebu na nabiktima po ng bagyo ang hinatiran ng tulong ng pamahalaan at ni Senator Bong Go. Dito ay muli ring sinabi ng Senador ang kahalagahan ng pagtatayo ng Department of Disaster Resilience. Narito ang report:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Samantala, dumako naman po tayo sa mga balita sa Cebu. May ulat si John Aroa.

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Maraming salamat po sa ating mga partner agencies para sa kanilang suporta sa ating programa at maging ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP).

At dito na po nagtatapos ang ating programa sa araw na ito. Hanggang bukas pong muli, ako po si Usec. Rocky Ignacio at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--

News and Information Bureau-Data Processing Center